# PANGAMBA SA PANGARAP NI JUAN

*by:*
**Joey R. Cabrera**
*MT-1 Pagalanggang National High School*

Hindi ko na alam kung tuloy pa rin ba ang karera ng aking buhay. Para bang ang mga bagay-bagay ay tila huminto na simulang nagkaroon ng pandemya. Hindi ko na masilayan ang ngiti ng mundo, para bang ang lahat ay naging kontrebersyal masasayang pangyayari naging alaala na lamang. Ang bahagharing aking sinusundan ay tinakpan ng ulap upang ako'y harangan. Alam kong walang permanente sa mundo ito, pero bakit hinahanap-hanap ko pa rin ang simoy ng kahapon na aking kinamulatan?

Nang tawagin ang aking damdamin sa pinapanood ni Inay, bumungad sa akin ang pahayag na magpapaganda ng aking araw. Ako ay napatalon sa saya at dali-daling dinampot ang aking telepono mula sa higaang puno ng luha. Noong nabatid na ng aking mga kaibigan, ang aming mga ekspresiyon ay galak na tila bang sabik na sabik makabalik sa eskwelahan. Tila ba ang lahat ng pag-aalala ay nabawasan unti-unti nang napaparam dahil ang mga pangarap naming ay magkakaroon na ng nagkakakulay.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Tilaok ng manok ang nagsilbing simbolo para ako ay bumangon na. Ilan nang sandali ay suot na ang uniporme, dala-dala ang munting pinabaon ni inay, at sigaw naman ni itay "halika na anak, at baka ikaw pa ay maleyt sa pagpasok" kaya naman ako ay nagpaalam na sa aking ina upang magtungo na sa paaralan na siyang magpapaganda at maging saksi sa aking magiging kinabukasan. Habang kami ay nagklaklase upang talakayin ang nakaraang aralin, may mga yapak na nagbabadya ng aking kalungkutan. Nakasaad na ang aming klase ay hanggang alas-dose lamang sa kadahilanang may ibang mag-aaral ang gagamit ng aming silid-aralan kaya naman ako ay muling nangamba kung mauulit

pa ba ang mga nakaraan na nagiging alaala at insperasyon sa akin sa pagtatamo ko ng aking pangarap sa buhay.

Sa aking paglalakad pauwi sa aming tahanan, alaala ng pandemya'y nagdiin sa aking memorya. Buong gabi ay ito lamang ang iniisip ko, oras ay hinihintay lumipas upang ang liwanag ay muling masaksihan na nagpa-alala sa akin na mayroon pang bukas upang magsilbing bagong simula at patuloy na tumakbo ang karera ng aking buhay. Kaunting pagtitiis na lamang ang sabi sa akin ng mga mahal kong magulang maayos din ang lahat at halos mga pangamba at takot ko ay mawawala nang tuluyan sapagkat magkakaroon ng kaayusan ang lahat. Maipagpapatuloy ko na ang pangarap na naudlot at pinangambahan.

Pero ito na unti-unti nang nagkakaroon ng kulay at liwanag ang minimithing pangarap ay maabot ko na. Pokus lang, disiplina at paghingi ng patnubay sa Maylikha upang di masayang ang panahon, pagod,per ana inilaan mo. Kaya ikaw kabataan ano pang hinihintay mo…ikaw rin baka mapag-iwanan ka. Hindi pa huli ang lahat sumabay ka na sa pag-abot ng iyong mga pangarap…

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*Sanggunian:*

https://abm24blog.wordpress.com/2017/05/28/ako-sa-aking-bagong-mundo/
https://brainly.ph/question/2731534
https://www.scribd.com/document/85793365/Karanasan-sa-Buhay